# May Karapatan Ka na Makatanggap ng "Good Faith Estimate" na Nagpapaliwanag Kung Magkano ang Gastos sa Iyong Medikal na Pangangalaga

*Epektibo noong 1/1/2022*

Sa ilalim ng batas, kailangang bigyan ng mga provider ng pangangalaga sa kalusugan ang **mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance** ng pagtatantya ng singil para sa mga medikal na bagay at serbisyo.

- May karapatan kang makatanggap ng Good Faith Estimate para sa kabuuang inaasahang halaga ng anumang hindi pang-emergency na item o serbisyo. Kabilang dito ang mga kaugnay na gastos tulad ng mga medikal na pagsusuri, mga inireresetang gamot, kagamitan, at mga bayarin sa ospital.

- Siguraduhin na ang iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan ay magbibigay sa iyo ng nakasulat na Good Faith Estimate nang nang hindi bababa sa 1 araw ng negosyo bago ang medikal na serbisyo o item sa iyo. Maaari mo ring tanungin ang iyong provider ng pangangalaga sa kalusugan, at ang sinumang iba pang tagapagkaloob na iyong pipiliin, para sa isang Good Faith Estimate bago ka mag-iskedyul ng isang bagay o serbisyo.

- Kung nakatanggap ka ng baayrin na hindi bababa sa $400 na higit pa sa iyong Good Faith Estimate, maaari mong ilaban ang bayarin.

- Tiyaking mag-save ng kopya o larawan ng iyong Good Faith Estimate.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa isang Good Faith Estimate, bisitahin ang www.cms.gov/nosurprises o tumawag sa 1-800-985-3059.